**Pamagat**: Apat na Paraan Upang Matamo ang Buhay na Walang Hanggan.

**Texto**: Zephaniah 3:2 "She obeyed not the voice; she received not correction; she trusted not in the LORD; she drew not near to her God.

*Pagsasalin*: Siya'y hindi sumunod sa tinig; siya'y hindi tumanggap ng pagtutuwid. Siya'y hindi nagtiwala sa Panginoon; siya'y hindi lumapit sa kanyang Diyos. (Zeph. 3:2)

**Panimula**:

1. Si Zephaniah ay may-lahing maharlika. (1:1) – Hizkiah (ay si King Hezekiah). Nag-silbi siya sa kapanahunan ni King Josiah (sa isang maayos na revival).
2. Karaniwan sa aklat ni Zephaniah ay ang "araw ng PANGINOON" (6x sa tatlong chapters). Masadan ang mga "I wills" ng 3:18-20.
3. Hindi siya katulad ni Jeremiah – na nakikiusap, kundi siya ay nangangaral ng matindi laban sa mga kasalanan ng Judah.
4. (3:2) ay mayroong apat na hakbang upang ang tao ay maligtas sa hatol ng Dios. Ito ay nakasaad sa negatibo o salungat – pero pwede rin natin ilagay ito sa kabila o sa positibo – kung ano ang mga napabaya ng Judah, ito ang dapat bigyan pansin ng mga tao ngayon.

**I. Hindi Siya Sumunod sa Tinig ng Panginoon:** (Sumunod tayo sa tinig ng Dios ayon sa Banal na Kasulatan).

A. Sa kapanahunan ni Zephaniah ginamit ng Dios ang mga propheta upang Ibigay sa mga tao ang salita ng Dios. (Open revelation). Sinarado ito ng Dios noong "400 Silent Years" at muli niya itong binuksan sa kapanahunan ni Zechariah at John the Baptist, Jesus Christ, at mga apostol. Ngunit habang isinusulat ang mga Banal na Kasulatan ang ganitong pamamaraan ng Dios ay nagiging limitado hangga't sa noong nakumpleto na ang Biblia – sinarado ulit ng Dios ang "prophetic word" at mga "sign-gifts." (Rev. 22:18-19; Deuteronomy 4:2; Proverbs 30:6).
B. Sa kapanahunan nating ngayon ang Salita ng Dios (ang Biblia) ay ang paraan na kung saan maririnig nating ang tinig ng Panginoon. (Lk. 16:17-31).
C. Kung maririnig lamang nating ang boses ng Panginoon: Mark 1:14-15. Repent ye, and believe the gospel!

**II. Hindi Siya Tumanggap ng Pagtutuwid**: (Tanggapin nating ang Pagtutuwid ng Dios).

A. Pinadala ng Dios ang mga propheta upang magbigay ng babala at koreksyon – pero ito ay binali wala at hindi pinansin.
B. Proverbs 29:1 - Ang madalas na sawayin ngunit nagmamatigas ng kanyang leeg, ay biglang mababali, at wala nang lunas (kagamutan; remedyo).
C. Tanggapin nating ang mga patutuwid ng Panginoon.

**III. Hindi Siya Nagtiwala sa Panginoon**: (Magtiwala tayo sa Panginoon).

A. May mga tao na hindi ganap o lubos ang pananampalataya nila sa Panginoon.
B. John 10:27-30. – Ang tanong: maari bang malimutan ng Panginoon ang isa sa Kanyang mga tupa? (John 17:12, 20).

**IV. Hindi Siya Lumapit sa Panginoon**: (Lumapit tayo sa Panginoon).

A. Inimbitahan siya ng Panginoon pero hindi niya pinakinggan ang mensahe ng kaligtasan.
B. Kaibigan ngayon ay araw ng kaligtasan, ngayon - - ang calendar ng Panginoon ay isang dakilang ngayon!
C. Lalapit ka ba sa Panginoon? Kung Oo ang iyong sagot, maari kang lumapit dahil kay Jesus-Cristo.
D. Sumond ka sa tinig ng Panginoon, tanggapin mo ang Kanyang pagtutuwid, magtiwala ka sa Panginoon, at lumapit ka sa Kanya. Tatanggapin ka ng Dios alang-alang kay Jesus ayon sa Kanyang mga salita.